Mga tanong mo tungkol sa COVID:

# Ang ibig bang sabihin ng Omicron ay hindi gumagana ang pagpapabakuna?

*Enero 14, 2022*

## Sagot: **HINDI.**

**1.** Natural na nag-e-evolve at nagmu-mutate ang mga virus - tinatawag ang mga mutation na ito bilang 'mga variant'.

**2.** Kapag mas maraming tao ang nahahawahan, mas maraming pagkakataon ang virus na mag-mutate.

**3.** Hindi palaging napapahinto ng bakuna ang impeksyon - pero napapahinto nito ang malalalang anyo ng sakit.

### Alam mo ba?

- Napakalaking bilang ng mga taong nasa pang-emergency na pangangalaga at ICU para sa COVID-19 ay hindi nabakunahan: Mga 10% ng populasyon ay hindi nabakunahan, pero 50% ng mga pasyente ng emergency dahil sa COVID-19 ang hindi nabakunahan.
- Kung nabakunahan ka na, puwedeng mahawahan ka ng COVID-19, pero malamang na hindi ka magkakasakit nang malubha.
- Ang mga taong hindi nabakunahan na edad 12 hanggang 59 ay mahigit 30 beses na mas malamang na maospital dahil sa COVID-19 kaysa sa mga nabakunahan.(1)

(1) https://www.canada.ca/en/public-health/news/2021/12/statement-from-the-chief-public-health-officer-of-canada-on-december-17-2021.html

Financial contribution from
Avec le financement de

Public Health Agency of Canada
Agence de la santé publique du Canada

Metropolis Institute - Institut

Vaccine Uptake Network · Réseau Adhésion Vaccination

Ang content na ito ay maingat na sinuri ng grupo ng mga ekspertong tagapayo.

**Gusto pa ng higit na impormasyon?**

May higit pang impormasyon tungkol sa COVID-19 dito:

https://bit.ly/3qQHmOx